WORKSAFE
Mahi Haumaru Aotearoa

HEALTH & SAFETY AT WORK ACT · HSWA

PAPEL-KAALAMAN

May 2022

# Ang iyong mga karapatan at responsibilidad sa kalusugan at kaligtasan

Taun-taon, napakaraming mga tao ang namamatay o napipinsalaan sa mga insidente sa lugar ng trabaho at daan-daan pa ang maagang mamamatay dahil sa di-mabuting kalusugan kaugnay sa trabaho. Bawat isa ay may responsibilidad na hadlangan ang pagkapinsala.[1]

Kung ikaw ay nagtatrabaho sa New Zealand, kailangan mong malaman ang iyong mga karapatan at responsibilidad sa kalusugan at kaligtasan, upang ang lahat ay manatiling malusog at ligtas sa trabaho.

## Ikaw ay may karapatang

**MGA KARAPATAN**

### Magtrabaho sa isang kapaligirang malusog at ligtas

May mga bagay sa trabaho na maaaring makapinsala sa iyo o maging dahilan ng iyong pagkakasakit. Ang negosyong pinagtatrabahuhan mo, o ang negosyo na kumokontrol kung saan ka nagtatrabaho, ay responsable sa pamamahala ng mga panganib sa kalusugan at kaligtasan na kaugnay sa trabaho.

### Kumuha ng angkop na pagsasanay bago ka magsimulang magtrabaho

Ang negosyong pinagtatrabahuhan mo ay dapat tiyaking ikaw ay sinanay sa pagsasagawa ng iyong trabaho sa paraang malusog at ligtas. Tiyaking nauunawaan mo ang mga panganib at paano pananatilihing malusog at ligtas ang iyong sarili at ang ibang tao sa trabaho.

### Ligtas na paggamit ng mga makinarya, sasakyan, kagamitan at aparato

Kailangang tiyakin ng negosyo na ang mga kagamitan, aparato, sasakyan at makinarya na iyong ginagamit sa trabaho ay ligtas gamitin at gumaganang mabuti.

### Huminto o tumangging magsagawa ng peligrosong trabaho

Ikaw ay may karapatang huminto sa pagtatrabaho, o tumangging magsagawa ng trabaho, kung naniniwala ka na ang paggawa ng trabaho ay maglalantad sa iyo, o sa sinuman, sa malubhang panganib sa kalusugan o kaligtasan. Kung huminto ka na sa pagtatrabaho, kailangan mong ipaalam ito sa iyong manedyer sa lalong madaling panahon.

### Pag-access sa impormasyong pangkalusugan at pangkaligtasan

Ang negosyong pinagtatrabahuhan mo ay dapat magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa pananatiling malusog at ligtas sa trabaho, sa paraang maunawaan mo.

### Personal Protective Equipment (PPE – Kagamitan sa Pansariling Proteksyon)

Sa karamihan sa mga kaso, ang negosyong pinagtatrabahuhan mo ay dapat magbigay sa iyo ng personal protective equipment (PPE) kung ito ay kinakailangan upang panatilihin kang ligtas at malusog, halimbawa, mga matigas na sumbrero, panakip sa tainga at pangkaligtasang salamin sa mata.

Dapat kang sanayin ng inyong negosyo sa wastong paggamit, paglilinis at pagmementena ng iyong PPE.

Hindi ka maaaring pagbayarin para sa PPE ng negosyong pinatatrabahuhan mo. Maaari kang boluntaryong magdala ng sarili mong PPE ngunit dapat itong suriin at aprubahan ng inyong negosyo.

[1] Batas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho 2015.

WSNZ_2419_MAY 22_TAG

MGA KARAPATAN

### Magsabi ng iyong opinyon

Ikaw ang mga mata at tainga ng inyong negosyo. Ang pagsasabi sa inyong negosyo ng iyong mga ideya, karanasan o alalahanin, gayundin ang sa iyong mga katrabaho, ay tutulong upang panatilihin kang ligtas at maging ang iba.

Ang iyong trabaho o kontrata ay hindi maaaring wakasan kung ikaw ay magsusumbong o kikilos tungkol sa isang alalahaning pangkalusugan at pangkaligtasan. Labag sa batas para kaninuman ang magdiskrimina o magsagawa ng negatibong mga hakbang laban sa iyo dahil nagsabi ka ng iyong opinyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho.

### Mabigyan ng pagkakataong magsabi ng opinyon

Dapat kang bigyan ng makatwirang mga pagkakataon upang magsabi ng iyong opinyon at umambag sa pagpapasya tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Kabilang dito ang mga pagpapasya tungkol sa:

- pagsubaybay ng iyong kalusugan
- mga kondisyon sa inyong lugar ng trabaho
- impormasyon at pagsasanay para sa mga manggagawa.

### Mga Kinatawan ng Kalusugan at Kaligtasan (HSRs) at Mga Komite sa Kalusugan at Kaligtasan (HSCs)

Maaari kang humiling sa inyong negosyo ng HSR o HSC, upang matulungan ang mga manggagawa at ang negosyo na magtulungan upang mapabuti ang kalusugan at kaligtasan. Maaari mo ring piliing sumapi sa isang unyon.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang mga patnubay ng mabuting gawi ng *Worker Engagement, Participation and Representation (Pakikipag-ugnayan sa Manggagawa, Paglahok at Pangangatawan)* na makukuha sa website ng WorkSafe: worksafe.govt.nz

### Mabigyan ng

- mga pasilidad ng kubeta at hugasan ng kamay
- malinis na tubig para inumin
- mga pasilidad ng first aid
- isang lugar-kainan na may sapat na ginhawa at ligtas.

### Maunawaan ang gagawin sa isang emerhensya

Ang iyong tagapag-empleyo ay kinakailangang tiyakin na alam mo ang iyong gagawin sa isang emerhensya, halimbawa, paano makakalabas kung may sunog o ano ang gagawin kung may lindol.

## Ang iyong mga responsibilidad sa trabaho

MGA RESPONSIBILIDAD

### Bilang isang manggagawa, ikaw ay may responsibilidad na

- pangalagaan nang makatwiran ang sarili mong kalusugan at kaligtasan
- pag-ingatan nang makatwiran na ang iyong gagawin o hindi gagawin ay hindi aapekto nang masama sa kalusugan at kaligtasan ng ibang tao
- makipagtulungan sa anumang makatwirang polisiya sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho o pamamaraan na mayroon ang inyong negosyo
- sumunod sa anumang makatwirang mga tagubilin na ibinigay ng negosyong iyong pinagtatrabahuhan.

### Ano ang maaari mong gagawin kung mayroon kang alalahaning pangkalusugan at pangkaligtasan?

- Sabihin sa inyong manedyer o sa inyong Kinatawan ng Kalusugan at Kaligtasan.
- Hilingan ang isang katrabaho o miyembro ng komunidad na magsabi ng alalahanin para sa iyo.
- Makipag-ugnay sa inyong unyon, na maaaring kumilos para sa iyo.
- Makipag-ugnay sa WorkSafe sa 0800 030 040.
- Bisitahin ang aming website: worksafe.govt.nz (i-search ang ‘concern’)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng manggagawa, bisitahin ang website ng WorkSafe: worksafe.govt.nz